AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
### Aralin 64

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 64**

Theme: Ang Kwento Ng Batang Bakunawa At Ng Diyos ng Buwan - Ibalik Ang Buwan Sa Kalangitan!

Content Creator: April Grace M. Garcia

**ANG KWENTO NG BATANG BAKUNAWA AT NG DIYOS NG BUWAN : SI BANA: ANG BATANG BAKUNAWA**

**WRITING PROMPT LESSON 64**

**---**

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan, tungkol sa batang bakunawa at sa diyos ng buwan, si Libulan. Sa nakaraang kwento, ating nakilala ang Batang Bakunawang si Bana. Bakit kaya niya kinuha ang buwan? Maibabalik mo kaya ang buwan sa kalangitan?

**II.Writing Prompt of the Day**

Mangiyak-ngiyak na inilagay ni Bana ang buwan sa iyong gintong basket. Nagtaka ka kung bakit naging maliit ang buwan, mukha tuloy itong isang pilak na bola. Tinanong ng dyosa ang batang bakunawa kung bakit niya ito kinuha.

Ayon kay Bana, gusto niya daw ang bolang nasa kalangitan, kaya nang nakita niyang wala si Libulan sa buwan, ito'y kanyang kinuha. Ngumiti ang dyosa sa kwento ng umiiyak na si Bana. Kumumpas ang kamay ng dyosang si Aman Sinaya, lumabas ang isang taklobo o giant clam, bumukas ang taklobo at mula dito lumabas ang isang perlas na halos singlaki ng maliit ng buwan. Kinuha ni Bana ang perlas at nanumbalik ang ngiti sa kanyang mukha!

Dahil dito, nagpasya ang batang bakunawang tulungan kayo upang mas mabilis maibalik ang buwan. Nang marinig ito ni Aman Sinaya, nilabas niya ang isang mas maliit na kabibe, lumabas dito ang imahe ni Libulan na nakatayo kung saan niyo siya iniwan kanina.

"Magtungo ka na sa kalangitan, Libulan. Nakuha na ang buwan at ililipad na diyan." Mahinhin ngunit mariing sabi ng diyosa.

"Handa na ba kayo?" sabi ni Bana. Nag-inat ang bata't umawit ulit sa saliw ng *Leron Leron Sinta.* "Batang bakunawa, siya'y lilipad na! Dalay-dalay buwan, ibabalik na niya!" Biglang naging isang dragon si Bana, di man ito kasing laki ng naimagine mo na dragon, pero malaki pa rin ito upang ika'y dalhin pabalik!

Pinasakay ka ng dyosa sa likod ni Bana. Pinaalalahanan ka niyang humawak nang maigi. Maya-maya'y lumilipad na kayo sa kalangitan. Ilang iglap lang ay nasa ibabaw na kayo ng iyong bahay, lumulutang si Libulan at tila inip na sa paghihintay.

Kinuha ni Libulan ang buwan mula sa iyong basket. Siya'y muling tumula, "O buwan kong aking tangan, nawa'y bumalik sa iyong kinalalagyan. Maghari ulit sa kalangitan!" Mula sa kamay ni Libulan, ito'y lumutang at unti-unting lumaki ang buwan at muling nanumbalik ang buwan. Dagdagan ng detalye ang kwento!

•Anong naramdaman ng bida ang makita ang pagtatransform ni Bana, mula sa isang batang mukhang tao, patungo sa tunay nitong anyo na batang bakunawa?
•Masaya bang sumakay sa likod ng isang dragon? Bakit? Bakit hindi?
•Bakit kaya inip na sa paghihintay si Libulan?
•Tingin mo galit kaya si Libulan kay Bana na kumuha ng kanyang buwan?
•Anong naramdaman mo nang nakita mo na ulit ang buwan sa kalangitan? Bakit ito ang naramdaman mo?

**III.Teacher's Message**

Ano kayang mangyayari sa ating kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento. Abangan din next time ang susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."